Digital Smarts

# Ligtas na Pag-browse

**Nagbibigay ang resource na ito ng ilang praktikal na unang hakbang para sa ligtas na pag-browse online para maiwasan ang mga karaniwang anyo ng pag-track online at sinasaklaw nito ang mga aksyon gaya ng paggamit ng mga browser na nakatuon sa pagkapribado, pag-browse nang pribado/incognito, pag-clear ng history, at pag-sign in gamit ang mga anonymous na email at matibay na password.**



**Mga pangkalahatang tip ang mga ito para mapanatiling secure ang iyong mga device. Ang mga eksaktong hakbang ay posibleng naiiba para sa magkakaibang device at magbago sa paglipas ng panahon.**

Sa mga iPhone at iPad, karaniwang makikita mo ang isang setting sa pamamagitan ng pag-tap sa "Settings (Mga Setting)" sa Home Screen, pagkatapos ay pag-swipe pababa para ipakita ang search bar. (Para sa tulong, tingnan ang http://tiny.cc/iphonesearch.)

android

Sa mga Android device, mag-swipe pataas mula sa Home Screen: may lalabas na search bar na nagsasabing "Search Your Phone and More (Maghanap sa Iyong Telepono at Higit pa)". I-type ang setting na hinahanap mo sa search bar.

## Gumamit ng browser na nakatuon sa pagkapribado

Ang mga browser tulad ng *Firefox* at *DuckDuckGo* ay idinisenyo nang isinasaalang-alang ang pagkapribado, kaya hindi ka tina-track ng mga ito hangga't posible. Subukang gamitin ang isa sa mga ito sa halip na ang browser na kasama sa iyong device.

## Pag-browse nang Pribado o Incognito

Karamihan ng mga browser ay may **Private** o **Incognito** mode. Pinipigilan ng mode na ito ang mismong browser sa pag-record ng kung anong mga site ang binisita mo, pero hindi nito pinipigilan ang mga site na iyon (o ang iyong provider ng internet, o iba pang app sa device mo) sa pag-record ng kung ano ang ginagawa mo.

**Icon key**

Private o Incognito mode

Mga Setting



©2023 MediaSmarts

# Ligtas na Pag-browse

## I-clear ang iyong history

Maghanap para sa "History". Kung mayroon kang *Google* account, puwede mo ring i-clear ang iyong history sa *Google* at *YouTube*. Pumunta sa **myactivity.google.com** at i-off ang "Web & App Activity (Aktibidad sa Web at App)", "Location History (History ng Lokasyon)", at "YouTube History (History sa YouTube)".

Para i-clear ang history ng iyong browser sa Safari, i-tap ang **Mga Setting**, pagkatapos ay Safari > Clear History and Website Data (I-clear ang History at Data ng Website), o maghanap para sa "Website Data (Data ng Website)".

## Mag-sign in gamit ang anonymous na email

Maraming website at serbisyo ang gustong magbigay sa iyo ng email address para makapag-sign up. Kung hindi mo kailangang mag-click ng link sa pag-verify, puwede kang gumamit ng pekeng email address na ginawa sa **Sharklasers.com**.

Puwede ka ring gumawa ng libre, pribado, at secure na *Protonmail* address para hindi mo na kailangang gumamit ng address na posibleng makilala ng ibang tao.

## Gumamit ng matitibay na password

Puwede kang gumawa ng matibay na password sa pamamagitan ng pagsisimula sa isang pariralang madaling matandaan (tulad ng "Mahilig ako sa saging") at pagkatapos ay pagpapalit sa ilan sa mga titik ng mga numero o character (tulad ng mga asterisk o tandang padamdam para gawin itong Mah!1!g@qSaS4g!ng).

Pero huwag gamitin ang parehong password para sa magkakaibang account. Lalong mahalaga na gumamit ng ibang matibay na password para sa iyong pangunahing email account, dahil doon ipapadala ang mga email sa pag-recover ng account. Puwede ka ring gumamit ng password manager tulad ng *1Password*. Kung gagamit ka nito, tiyaking matibay at naiiba ang password na gagamitin mo para dito sa lahat ng iba mo pang password.

**Icon key**

Private o Incognito mode

Mga Setting

MediaSmarts

*Financial contribution from*

Public Health Agency of Canada — Agence de la santé publique du Canada